Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Agosto 18, 2025
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Ipinag-utos ng Distrito ng Hangin sa Crown Hill Materials na ihinto ang pagpapatakbo ng hindi pinapahintulutang concrete batch plant

**SAN FRANCISCO –** Nag-isyu ang Distrito ng Hangin ng Bay Area sa Crown Hill Materials, isang pasilidad ng concrete sa Vallejo, ng Paunawa ng Paglabag para sa pagpapatakbo ng concrete batch plant nang wala ang kinakailangang pahintulot para sa kalidad ng hangin. Nag-isyu rin ang Distrito ng Hangin ng cease-and-desist letter na nag-uutos sa kumpanyang ihinto ang pagpapatakbo ng hindi pinapahintulutang planta.

Natuklasan ng Distrito ng Hangin ang hindi pinapahintulutang batch plant pagkatapos magdulog ng mga alalahanin ang isang miyembro ng komunidad tungkol sa mga pagpapatakbo ng pasilidad. Naglunsad ng imbestigasyon ang Distrito ng Hangin at napag-alaman nitong pinapatakbo ng pasilidad ang batch plant nang walang pahintulot, na labag sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin. Ang pasilidad ay mayroon ding pangalawa at mas maliit na batch plant na hindi saklaw ng mga kinakailangan ng Distrito ng Hangin sa pagpapahintulot dahil sa liit nito at hindi ito apektado ng pagkilos na ito.

“Ang pagpapatakbo ng equipment nang wala ang kinakailangang pahintulot ay matinding paglabag na naglalagay sa pampublikong kalusugan sa panganib at nagpapahina sa mga ipinapatupad nating pag-iingat para maprotektahan ang mga nahihirapang komunidad,” sabi ni Dr. Philip Fine, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Mariin kaming kumikilos para matiyak ang pagsunod, at nagpapasalamat kami sa malasakit ng mga miyembro ng komunidad na tumulong na maisiwalat ang isyung ito.”

Noong Agosto 18, nag-isyu ang Distrito ng Hangin ng Paunawa ng Paglabag at cease-and-desist letter na nag-uutos sa pasilidad na agad na ihinto ang pagpapatakbo sa batch plant. Kung patuloy itong papatakbuhin ng kumpanya, magsasagawa ng pormal na legal na pagkilos ang Distrito ng Hangin para makakuha ng kautusang mag-aatas na itigil ang pagpapatakbo sa equipment. Nakikipagtulungan din ang Distrito ng Hangin sa Lungsod ng Vallejo sa mga pagsisikap ng pagpapatupad, at magpapataw ito ng mga parusang multa laban sa Crown Hill Materials para panagutin ang kumpanya para sa ilegal nitong pagpapatakbo ng batch plant.

"Ang pagkilos na ito ay mahalagang hakbang pasulong para sa ating komunidad," sabi ni Ed Kelley, isang tagapagtaguyod ng komunidad na nakatira malapit sa pasilidad ng Crown Hill Materials. "Nagsikap kaming magkakapitbahay na ipaalam sa nakararami ang tungkol sa mga pagpapatakbong ito, at nagpapasalamat ako sa Distrito ng Hangin para sa pagseryoso sa aming mga alalahanin at pagkilos ukol sa mga ito. Patuloy kaming makikipag-ugnayan para matiyak na makukuha ng aming komunidad ang mga proteksiyong kailangan nito at nararapat dito."

Magagawa ng mga residente ng Bay Area na mag-ulat ng mga alalahanin sa kalidad ng hangin sa pamamagitan ng online na form ng Distrito ng Hangin o sa pamamagitan ng pagtawag sa 24 na oras na hotline sa 1-800-334-ODOR. Kompidensiyal ang mga ulat, at puwedeng magreklamo nang hindi nagpapakilala.

Ang Distirto ng Hangin ng Bay Area ang panrehiyong ahensiyang responsable sa pagprotekta sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa siyam-na-county na Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, X, Instagram, at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Air District Homepage* | *News Releases*